Mag-click dito upang MAGSIMULA o I-CLEAR, pagkatapos ay pindutin ang button na TAB

WASHINGTON STATE DEPARTMENT OF LICENSING

# Pahintulot sa Talaan ng Driver

Magagawa ng **mga employer, potensyal na employer, boluntaryong organisasyon, o ng kanilang mga ahente** na kunin ang mga talaan sa pagmamaneho ng isang empleyado, potensyal na empleyado, o boluntaryo kapag pinahintulutan sila ng indibidwal na nagmamay-ari sa hinihiling na talaan ng driver. Gamitin ang form na ito para hingin ang kanyang pahintulot.

- Kumpletuhin ang seksyong Kumpanya.
- Ibigay ang form na ito sa iyong empleyado, potensyal na empleyado, o boluntaryo para masagutan niya ang kanyang seksyon.
- Para sa mga layunin sa pag-audit, itabi ang nasagutang form ito sa iyong mga file sa loob ng hindi bababa sa limang taon. Huwag ipadala ang form na ito sa Departamento sa Paglilisensya.
- Kung hindi maha-hire ang potensyal na empleyado o boluntaryo, itapon ang form ng pahintulot pagkalipas ng 30 araw.
- Kailangan ng bagong form ng pahintulot kung babalik ang driver sa lugar ng trabaho pagkatapos niyang umalis dito.

**Mga nakaselyong talaan ng juvenile.** Ang impormasyong nakapaloob sa isang talaan sa pagmamaneho na nauugnay sa isang nakaselyong talaan ng juvenile ay hindi puwedeng gamitin para sa anumang layunin maliban na lang kung iaatas ng pederal na batas. Ang empleyado o potensyal na empleyado ay puwedeng magbigay ng kopya ng kautusan ng hukuman na nagseselyo sa talaan ng juvenile sa employer, potensyal na employer, o ahente.

## Kumpanya – Sasagutan ng kumpanya o ahente ng kumpanya

**I-PRINT o I-TYPE** Pangalan ng kumpanya

Mga pangalan ng ahenteng kumpanya *(kung naaangkop)*

Address ng kumpanya/ahenteng kumpanya

| Pangalan ng awtorisadong kinatawan | Posisyon |
| --- | --- |
| | |

Sagutan ang mga sumusunod

1. Ang kumpanya bang ito ay isang employer, potensyal na employer, o boluntaryong organisasyon ng indibidwal na nagmamay-ari sa hinihiling na talaan sa pagmamaneho? . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . ☐ Oo ☐ Hindi
2. Kinakailangan ba ang talaang hinihiling mo para sa mga layunin sa trabaho na nauugnay sa pagmamaneho ng empleyado o potensyal na empleyado bilang kundisyon ng trabaho o kaugnay ng pagmamaneho ng boluntaryo kung iaatas ng boluntaryong organisasyon?. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . ☐ Oo ☐ Hindi
3. Sumasang-ayon ka bang gamitin ang impormasyong nakapaloob sa talaan nang eksklusibo para sa layuning ito at na hindi ihayag ang talaan sa isang third party maliban na lang kung iaatas ng batas? . . . ☐ Oo ☐ Hindi
4. Sumasang-ayon ka bang hindi papanagutin ang Departamento sa Paglilisensya ng Estado ng Washington para sa lahat ng usaping nauugnay sa pag-release sa hinihiling na talaan sa pagmamaneho? . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . ☐ Oo ☐ Hindi

Sertipikasyon

*Inihahayag ko, sa ilalim ng parusang perjury sa ilalim ng batas ng Washington, na tama at totoo ang nabanggit.*

X Kapag tapos na, paki-print ito at lumagda rito.

Petsa at lugar — Lagda ng awtorisadong kinatawan

## Empleyado, potensyal na empleyado, o boluntaryo–

Sasagutan ng indibidwal na nagmamay-ari sa hinihiling na talaan ng driver

| **I-PRINT o I-TYPE** Buong pangalan *(Pangalan, Gitnang Pangalan, Apelyido)* | Petsa ng kapanganakan *(mm/dd/yyyy)* | Numero ng lisensya bilang driver sa Washington (WA) |
| --- | --- | --- |
| | | |

Pahintulot mula sa

☐ Empleyado – para sa pag-release ng aking talaan sa pagmamaneho para sa mga layunin sa trabaho para sa kabuuang termino ng aking trabaho.

☐ Potensyal na empleyado – para sa pag-release ng aking talaan sa pagmamaneho para sa mga layunin sa trabaho, na hindi lalampas sa 30 araw mula sa petsa ng paglagda, maliban na lang kung maha-hire para sa posisyon

☐ Boluntaryo – para sa pag-release ng aking talaan sa pagmamaneho para sa isang posisyong ina-apply-an ko kung saan kailangan kong magmaneho kung iaatas ng bolutaryong organisasyon

Pangalan ng employer, potensyal na employer, o boluntaryong organisasyon

Pangalan ng ahenteng kumpanya ng employer kung kumikilos sa ngalan ng kumpanya para sa mga layunin sa trabaho

Pahintulot

*Isa akong empleyado, potensyal na empleyado, o boluntaryo ng kumpanyang pinangalanan sa itaas at hinihiling kong magpadala sa kanila/kanilang ahente ng kopya ng aking talaan sa pagmamaneho sa Estado ng Washington.*

X Kapag tapos na, paki-print ito at lumagda rito.

Lagda — Petsa

RCW 46.52.130

DSC-425-020tl (R/6/22)WA